大阪府

# Sa lahat ng mga mag-aaral sa junior high school at kanilang mga magulang, Magbabago ang sistema ng libreng tuition fee sa high school!!

## Ano ang magbabago?

◆ **Ang tuition fees ay hindi na pababayaran anuman ang kinikita o bilang ng mga bata**, para sa parehong pribado at pampublikong high schools.

◆ **Kasali ka sa libreng tuition kahit nag-aaral ka sa high school sa labas ng prefecture (*)**

*Mga paaralan na kabilang ay pagpapasyahan sa hinaharap

## Mula kailan ang mga pagbabago?

◆ **Nagbabago ang sistema ayon sa taon na maguumpisa sa senior high school.**

Mula 2024 (kasalukuyang 3rd year junior high school): Libre mula 2nd year high school (2025)
*Maaaring kailanganing magbayad ng bahagi ng tuition fee para sa 2025.
Mula 2025 (kasalukuyang 2nd year junior high school): Libre mula 2nd year high school (2026)
Mula 2026 (kasalukuyang 1st year junior high school): Libre mula 1st year high school (2026)

## Suriin ang pagbabayad sa tuition fees ayon sa grado at kurso

### Kasalukuyang junior high school 3rd year at 2nd year

① Mag-aaral ba sa pribado o pam-publikong paaralan? *1
② Ano ang taunang kita ng tahanan?

| ① / ② | Bilang ng mga bata? | 1st year high school student | 2nd year high school student | 3rd year high school student |
|---|---|---|---|---|
| ① Pribado ② Mas mababa sa 5.9 milyong yen | | Libre | Libre | Libre |
| ① Pribado ② Mula 5.9 milyon hanggang 8 milyong yen | 3 pataas | Libre | Libre | Libre |
| ① Pribado ② Mula 5.9 milyon hanggang 8 milyong yen | 2 bata | 100,000 yen | **Libre** | **Libre** |
| ① Pribado ② Mula 5.9 milyon hanggang 8 milyong yen | 1 bata | 200,000 yen | **Libre** | **Libre** |
| ① Pribado ② Mula 8 milyon hanggang 9.1 milyong yen | 3 pataas | 100,000 yen *2 | **Libre *3** | **Libre** |
| ① Pribado ② Mula 8 milyon hanggang 9.1 milyong yen | 2 bata | 300,000 yen *2 | **Libre *3** | **Libre** |
| ① Pribado ② Mula 8 milyon hanggang 9.1 milyong yen | 1 bata | Maximum 480,000 yen *2 | **Libre *3** | **Libre** |
| ① Pribado ② 9.1 milyong yen pataas | | Kabuuang tuition fee | **Libre *3** | **Libre** |
| ① Publiko ② Mababa sa 9.1 milyong yen | | Libre | Libre | Libre |
| ① Publiko ② 9.1 milyong yen pataas | | 118,800 yen | **Libre** | **Libre** |

(*1) Isang halimbawa ng mag-aaral na pumapasok sa pribadong senior high school (full-time school) o prefectural senior high school (full-time school) sa Osaka Prefecture.
Ang mga pribadong high school ay kinakailangang paaralang itinalaga ng Osaka Prefecture upang itaguyod ang suporta sa pagaaral.

(*2) Para sa mga paaralang may tuition fee higit sa 600,000 yen, bilang karagdagan sa halaga, "tuition fee - 600,000 yen" ang kinakailangang bayaran.
[Halimbawa] Kung ang tuition fee ay 650,000 yen, ang mga magulang ay kailangang magbayad ng 50,000 yen (650,000 yen - 600,000 yen = 50,000 yen)

(*3) Kasalukuyang 3rd year junior high school：Kung ang tuition fee ay lumampas sa 630,000 yen, kinakailangang magbayad ng tuition fee na bawas ang 630,000 yen.
[Halimbawa] Kung ang tuition fee ay 650,000 yen, ang mga magulang ay kailangang magbayad ng 20,000 yen (650,000 yen - 630,000 yen = 20,000 yen)
Kasalukuyang 2nd year junior high school：walang babayarang tuition fees.

### Kasalukuyang 1st year junior high school student pababa

**Ang kabuuan ng tuition fee ay libre simula sa unang taon sa parehong pribado at pampublikong high school.**

*Ang bagong sistema ay opisyal na pagpapasyahan sa Pebrero 2024, sa regular na Osaka Prefectural Assembly.

# Libreng tuition fee sa high school – mga tanong at sagot



May iba pa bang malilibre maliban sa tuition fees?

Ang bayad sa pagpasok, mga uniporme, mga school trips, atbp. ay hindi kabilang sa libre. Kung nagkakaproblema sa pangangalap ng pondo para sa admission fees, ang Osaka Prefectural Scholarship Foundation ay may sistema ng pautang na walang interes, kaya mangyaring mag-apply para magpareserba.
*Deadline ng aplikasyon: Sa unang bahagi ng Oktubre 2023





Kung libre ang tuition fee para sa lahat anuman ang kita ng tahanan, hindi na ba kailangang sumailalim sa proseso ng aplikasyon upang makakuha ng libreng tuition fee?

Ang parehong pribado at pampublikong paaralan ay kailangang mag-apply para sa parehong national tuition support fund at sa tuition support system ng Osaka Prefecture. Ang mga aplikasyon ay ginagawa sa tulong ng iyong high school, atbp. pagkatapos ng pagpapatala, kaya hindi na kailangang sumailalim sa anumang proseso bago ang pagpapatala.





Pano malalaman kung ang pribadong high school na papasukan ko ay kabilang sa libreng tuition? (mga paaralan na kasali sa tuition support fund)

Ang mga paaralang nagsusulong ng tuition support para sa 2023 ay nakalista sa Osaka Prefecture website. Ang mga paaralang nagsusulong ng tuition support para sa 2024 ay iaanunsyo sa Disyembre 2023.





Iniisip kong pumasok sa pribadong high school o national public high school sa ibang prefecture, ngunit kailan ko malalaman kung kasali ako sa libreng tuition?

Ang mga kabilang na paaralan sa ibang prefecture ay iaanunsyo sa Osaka Prefecture website sa Disyembre 2023.





Magiging libre din ba ang tuition fees para sa mga correspondence high schools?

Katulad ng mga full-time na paaralan, ang mga limitasyon sa kita ay unti-unting aalisin para sa mga correspondence high schools sa Osaka Prefecture. (limitado sa mga paaralang may tuition support sa pagpapatala)



**Makipag-ugnayan sa amin para sa higit pang mga detalye**

(Para sa mga pribadong high schools, atbp.)
Citizen Inquiry Center Beep Line
06-6910-8001

大阪府 私立 無償化

(Para sa mga pampublikong high schools, atbp.)
Osaka Prefectural Board of Education
Facility and Finance Division Revenue group
06-6941-0351(Trunk Line)

*Pagkatapos ng Oktubre, mangyaring makipag-ugnayan sa beep line sa kaliwa.